Republika ng Pilipinas



ANG Sining NG Pamamahala

TAGALOG

Letter of Aristeas

Natanggap ng hari ang sagot nang may pagsang-ayon at nagtanong sa sumunod, 'Ano ang pinakamahalagang kwalipikasyon para sa pamamahala?' 'Upang mapanatili ang sarili,' sagot niya, 'malaya sa panunuhol at magsanay ng katinuan sa malaking bahagi ng buhay ng isang tao, parangalan ang katuwiran higit sa lahat ng bagay, at makipagkaibigan sa ganitong uri ng mga tao. Dahil ang Diyos din ay isang taga-ibig ng katarungan! Letter of Aristeas 8:12-13

Ipinahiwatig ng hari ang kanyang pagsang-ayon at sinabi sa isa pa, 'Ano ang diwa ng pagkahari?' At siya ay sumagot, 'Upang pamahalaan ang sarili nang mabuti at hindi mailigaw ng kayamanan o katanyagan sa hindi katamtaman o hindi karapat-dapat na mga pagnanasa, ito ang tunay na paraan ng pamumuno kung ikaw ay nangangatuwiran sa bagay na ito. Sapagkat ang lahat ng talagang kailangan mo ay sa iyo, at ang Diyos ay malaya sa pangangailangan at mabait. Hayaan ang iyong mga pag-iisip na maging tulad ng pagiging isang tao, at huwag maghangad ng maraming mga bagay ngunit tulad lamang ng mga kinakailangan para sa pamamahala! Letter of Aristeas 8:15-16

Nang sumunod na araw, ang parehong kaayusan ay naobserbahan, at nang ang hari ay nakakita ng pagkakataon na magtanong sa mga lalaki, tinanong niya ang una sa mga naiwan para sa susunod na interogasyon, Ano ang pinakamataas na anyo ng pamahalaan? At siya ay sumagot, 'Upang pamahalaan ang sarili at hindi madala ng mga udyok. Dahil lahat ng tao ay nagtataglay ng isang tiyak na likas na baluktot ng isip. Malamang na ang karamihan sa mga tao ay may hilig sa pagkain at inumin at kasiyahan, at ang mga hari ay nakahilig sa pagkuha ng teritoryo at dakilang katanyagan. Pero mabuti na dapat may pagtitimpi sa lahat ng bagay. Letter of Aristeas 8:26-27

Ang hari ay nagbigay ng magiliw na pagtanggap sa lalaki at tinanong ang susunod na sagutin ang tanong, paano niya maiiwasan ang isang buhay ng kaginhawahan at kasiyahan? At sumagot siya, 'Kung patuloy niyang naaalala na siya ang pinuno ng isang dakilang imperyo at ang panginoon ng napakaraming tao, at na ang kanyang isip ay hindi dapat maging abala sa iba pang mga bagay, ngunit, dapat niyang palaging isaalang-alang kung paano niya magagawa ng pinakamahusay na isulong ang kanilang kapakanan. Dapat din siyang manalangin sa Diyos na walang tungkuling mapabayaan.' Letter of Aristeas 9:17-18

...'Paano mapipigilan ng isang tao ang kanyang sarili mula sa pagmamataas?' At siya ay sumagot, 'Kung siya ay nagpapanatili ng pagkakapantay-pantay at naaalala sa lahat ng pagkakataon na siya ay isang tao na namumuno sa mga tao. At dinadala ng Diyos sa wala ang mayabang, at itinataas ang maamo at mapagpakumbaba!' Letter of Aristeas 9:45-46

Sinabi ng hari na ang taong ito, ay nagsalita rin ng mabuti, at tinanong ang sumunod, Sino ang dapat nating italaga bilang mga gobernador? At sumagot siya, 'Lahat na napopoot sa kasamaan, at tumutulad sa iyong sariling paggawi ay kumilos nang matuwid upang mapanatili nila ang mabuting reputasyon sa tuwina. Sapagkat ito ang iyong ginagawa, O makapangyarihang Hari,' ang sabi niya, 'at ang Diyos ang nagkaloob sa iyo ng korona ng katuwiran.' Letter of Aristeas 10:7-8

Ang hari ay gumugol ng ilang oras sa pagpuri sa taong ito at pagkatapos ay tinanong ang pinakahuli sa lahat, Ano ang pinakadakilang tagumpay sa pamamahala ng isang imperyo? At sumagot siya, 'Na ang mga nasasakupan ay dapat na patuloy na manirahan sa isang estado ng kapayapaan, at na ang hustisya ay dapat na mabilis na ibigay sa mga kaso ng pagtatalo.' Letter of Aristeas 10:23-24

Pentateuch

Sapagka't nakikilala ko siya, na kaniyang uutusan ang kaniyang mga anak at ang kaniyang sangbahayan pagkamatay niya, at kanilang iingatan ang daan ng Panginoon, na magsagawa ng hustisya at kahatulan; upang dalhin ng Panginoon kay Abraham ang kaniyang sinalita tungkol sa kaniya. Genesis 18:19

Bukod dito'y maghahanda ka sa buong bayan ng mga lalaking may kakayahan, gaya ng may takot sa Dios, mga lalaking tapat, na napopoot sa kasakiman; at ilagay mo sa kanila ang gayon, upang maging mga pinuno ng libolibo, at mga pinuno ng daan-daan, mga pinuno ng limampu, at mga pinuno ng sampu: At sila'y humatol sa bayan sa lahat ng panahon: at mangyayari, na bawa't dakilang bagay ay kanilang dadalhin sa iyo, nguni't ang bawa't maliit na bagay ay kanilang hahatulan: sa gayo'y magiging magaan sa iyong sarili, at kanilang dadalhin ang pasan na kasama mo. Exodus 18:21-22

Huwag kang magtataas ng maling ulat: huwag mong isama ang iyong kamay sa masama upang maging di-matuwid na saksi. Huwag kang susunod sa karamihan upang gumawa ng masama; ni magbibigay patotoo sa isang usapin na kumakampi sa marami upang baluktutin ang katarungan: Ni huwag mo ring papanigan ang dukha sa kanyang usapin. Huwag mong babaluktutin ang katarungang nararapat sa iyong dukha sa kanyang usapin. Layuan mo ang maling paratang at huwag mong papatayin ang walang sala at ang matuwid, sapagkat hindi ko pawawalang-sala ang masama. Exodus 23:1-3,6-7

Huwag kang gagawa ng kalikuan sa paghatol: huwag mong itatangi ang pagkatao ng dukha, o pararangalan man ang pagkatao ng makapangyarihan: kundi hahatulan mo ang iyong kapuwa sa katuwiran. Huwag kayong gagawa ng kalikuan sa paghatol, sa takal, sa timbang, o sa sukat. Leviticus 19:15,35

Kumuha kayo ng marurunong na tao, at may unawa, at kilala sa inyong mga tribo, at gagawin ko silang mga pinuno sa inyo. At aking iniutos sa inyong mga hukom nang panahong yaon, na sinasabi, Dinggin ninyo ang mga usap ng inyong mga kapatid, at humatol kayo ng matuwid sa bawa't tao at sa kaniyang kapatid, at sa taga ibang lupa na kasama niya. Huwag kayong magtatangi ng mga tao sa paghatol; ngunit pakinggan ninyo ang maliit at gayon din ang malaki; hindi kayo matatakot sa mukha ng tao; sapagka't ang kahatulan ay sa Dios: at ang usapin na napakahirap para sa inyo, ay dalhin ninyo sa akin, at aking didinggin ito. Deuteronomy 1:13,16-17

Ngayon nga'y dinggin mo, Oh Israel, ang mga palatuntunan at ang mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang inyong gawin, upang kayo'y mabuhay, at pumasok at ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng Panginoong Dios ng inyong mga magulang. Deuteronomy 4:1

Siya'y naglalapat ng kahatulan sa ulila at balo, at umiibig sa dayuhan, sa pagbibigay sa kaniya ng pagkain at damit. Deuteronomy 10:18

Gagawa ka ng mga hukom at mga pinuno sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, ayon sa iyong mga tribo: at kanilang hahatulan ang bayan ng matuwid na kahatulan. Huwag mong babaligtarin ang kahatulan; huwag kang magtatangi ng mga tao, ni tatanggap man ng kaloob: sapagka't ang kaloob ay bumubulag sa mga mata ng pantas, at pinipilipit ang mga salita ng matuwid. Deuteronomy 16:18-19

At mangyayari, pagka siya'y naupo sa luklukan ng kaniyang kaharian, na kaniyang isusulat sa kaniya ang isang kopya ng kautusang ito sa isang aklat na nasa harap ng mga saserdote na mga Levita: At ito ay sasa kaniya, at kaniyang babasahin ito sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay: upang kaniyang matutuhan na matakot sa Panginoon niyang Dios, upang ingatan ang lahat ng mga salita ng kautusang ito at ang mga palatuntunang ito, upang gawin ang mga ito: Upang ang kaniyang puso ay huwag magmataas sa kaniyang mga kapatid, at siya'y huwag lumihis sa utos, sa kanan, o sa kaliwa: upang kaniyang pahabain ang kaniyang mga araw sa kaniyang kaharian, siya at ang kaniyang mga anak, sa gitna ng Israel. Deuteronomy 17:18-20

Huwag mong ilihis ang kahatulan sa estranghero, o sa ulila; ni kumuha ng damit ng balo bilang sangla: Deuteronomy 24:17

Kung magkaroon ng pagtatalo sa pagitan ng mga tao, at sila'y dumating sa kahatulan, upang sila'y hatulan ng mga hukom; kung magkagayo'y kanilang aariing ganap ang matuwid, at hahatulan ang masama. Deuteronomy 25:1

Sumpain yaong pumipihit ng kahatulan sa estranghero, ulila, at balo. At ang buong bayan ay magsasabi, Amen. Deuteronomy 27:19

History

Gayon ma'y nagbangon ang Panginoon ng mga hukom, na nagligtas sa kanila sa kamay ng nagsisisamsam sa kanila. Judges 2:16

Ang aking puso ay sa mga gobernador ng Israel, na naghandog ng kanilang sarili na kusa sa gitna ng bayan. Pagpalain ninyo ang Panginoon. Judges 5:9

At si David ay naghari sa buong Israel; at si David ay nagsagawa ng kahatulan at katarungan sa buong bayan niya. 2 Samuel 8:15

Sinabi ng Dios ng Israel, Ang Bato ng Israel ay nagsalita sa akin, Siya na nagpupuno sa mga tao ay dapat na matuwid, na nagpupuno sa takot sa Dios. At siya'y magiging gaya ng liwanag ng umaga, pagka ang araw ay sumisikat, sa makatuwid baga'y isang umaga na walang ulap; gaya ng malambot na damo na umuusbong sa lupa sa pamamagitan ng malinaw na pagkinang pagkatapos ng ulan. 2 Samuel 23:3-4

At ngayon, Oh Panginoon kong Dios, ginawa mong hari ang iyong lingkod na kahalili ni David na aking ama: at ako'y isang munting bata lamang: hindi ko alam kung paano lalabas o papasok. At ang iyong lingkod ay nasa gitna ng iyong bayan na iyong pinili, isang malaking bayan, na hindi mabibilang o mabibilang dahil sa karamihan. Bigyan mo nga ang iyong lingkod ng isang matalinong puso upang hatulan ang iyong bayan, upang aking makilala ang mabuti at masama: sapagka't sino ang makahahatol nitong iyong malaking bayan? At ang pananalita ay nakalugod sa Panginoon, na hiningi ni Solomon ang bagay na ito. At sinabi ng Dios sa kaniya, Sapagka't iyong hiningi ang bagay na ito, at hindi mo hiningi sa iyong sarili ang mahabang buhay; ni hindi humingi ng kayamanan para sa iyong sarili, o hiningi man ang buhay ng iyong mga kaaway; nguni't hiningi mo sa iyong sarili ang pagkaunawa upang makilala ang kahatulan; Narito, aking ginawa ang ayon sa iyong mga salita: narito, binigyan kita ng isang pantas at maunawaing puso; na anopa't walang gaya mo na nauna sa iyo, o pagkatapos mo ay may babangon na gaya mo. 1 Kings 3:7-12

At narinig ng buong Israel ang kahatulan na hinatulan ng hari; at sila ay natakot sa hari: sapagka't kanilang nakita na ang karunungan ng Dios ay nasa kaniya, upang magsagawa ng kahatulan. 1 Kings 3:28

At kung ikaw ay lalakad sa harap ko, na gaya ni David na iyong ama ay lumakad, sa integridad ng puso, at sa katuwiran, upang gawin ang ayon sa lahat na aking iniutos sa iyo, at iingatan ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kahatulan: Kung magkagayo'y aking itatatag ang luklukan ng iyong kaharian sa Israel magpakailan man, gaya ng aking ipinangako kay David na iyong ama, na sinasabi, Walang magkukulang sa iyo ng isang lalake sa luklukan ng Israel. 1 Kings 9:4-5

Masaya ang iyong mga tao, masaya itong iyong mga lingkod, na laging nakatayo sa harap mo, at nakikinig sa iyong karunungan. Purihin ang Panginoon mong Dios, na nalulugod sa iyo, na ilagay ka sa luklukan ng Israel: sapagka't inibig ng Panginoon ang Israel magpakailan man, kaya't ginawa ka niyang hari, upang gumawa ng kahatulan at katuwiran. 1 Kings 10:8-9

At ang lalaking si Jeroboam ay isang makapangyarihang lalake na may tapang: at nakita ni Solomon ang binata na siya'y masipag, ay kaniyang ginawa siyang pinuno sa lahat ng katungkulan sa sangbahayan ni Joseph. 1 Kings 11:28

Sa gayo'y naghari si David sa buong Israel, at nagsagawa ng kahatulan at hustisya sa buong bayan niya. 1 Chronicles 18:14

Kung magkagayo'y uunlad ka, kung iyong iingatan na ganapin ang mga palatuntunan at mga kahatulan na iniutos ng Panginoon kay Moses tungkol sa Israel: magpakalakas ka, at magpakatapang kang mabuti; huwag kang matakot, ni manglupaypay. 1 Chronicles 22:13

Bukod dito'y aking itatatag ang kaniyang kaharian magpakailan man, kung siya'y patuloy na susundin ang aking mga utos at ang aking mga kahatulan, gaya sa araw na ito. 1 Chronicles 28:7

At si Solomon na anak ni David ay lumakas sa kaniyang kaharian, at ang Panginoon niyang Dios ay sumasa kaniya, at pinadakila siyang mainam. 2 Chronicles 1:1

Bigyan mo ako ngayon ng karunungan at kaalaman, upang ako'y lumabas at pumasok sa harap ng bayang ito: sapagka't sinong makahahatol nitong iyong bayan, na totoong dakila? At sinabi ng Dios kay Solomon, Sapagka't ito ang nasa iyong puso, at hindi ka humingi ng kayamanan, kasaganaan, o karangalan, o ng buhay man ng iyong mga kaaway, ni humingi ka man ng mahabang buhay; nguni't humingi ka ng karunungan at kaalaman para sa iyong sarili, upang iyong mahatulan ang aking bayan, na aking ginawa sa iyo na hari: Karunungan at kaalaman ay ipinagkaloob sa iyo; at bibigyan kita ng kayamanan, at kasaganaan, at karangalan, na hindi nagkaroon ng sinoman sa mga hari na nauna sa iyo, ni magkakaroon man ng kagaya nito. 2 Chronicles 1:10-12

At ipinasiya ni Solomon na magtayo ng isang bahay para sa pangalan ng Panginoon, at isang bahay para sa kaniyang kaharian. Bukod dito'y sinabi ni Huram, Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, na gumawa ng langit at lupa, na nagbigay kay David na hari ng isang pantas na anak, na puspos ng karunungan at pag-unawa, na makapagtayo ng bahay para sa Panginoon, at ng isang bahay para sa kaniyang kaharian. 2 Chronicles 2:1,12

At tungkol sa iyo, kung ikaw ay lalakad sa harap ko, na gaya ng inilakad ni David na iyong ama, at gagawin mo ang ayon sa lahat na aking iniutos sa iyo, at iyong susundin ang aking mga palatuntunan

at ang aking mga kahatulan; Kung magkagayo'y aking itatatag ang luklukan ng iyong kaharian, ayon sa aking tipan kay David na iyong ama, na sinasabi, Hindi magkukulang sa iyo ang isang lalake upang maging pinuno sa Israel. 2 Chronicles 7:17-18

Purihin ang Panginoon mong Dios, na nalugod sa iyo na ilagay ka sa kaniyang luklukan, upang maging hari para sa Panginoon mong Dios: sapagka't inibig ng iyong Dios ang Israel, upang itatag sila magpakailan man, kaya't ginawa ka niyang hari sa kanila, upang gumawa ng kahatulan at katuwiran. 2 Chronicles 9:8

At sinabi sa mga hukom, Ingatan ninyo kung ano ang inyong ginagawa: sapagka't hindi kayo humahatol para sa tao, kundi para sa Panginoon, na sumasa inyo sa paghatol. Kaya't ngayon ay sumainyo nawa ang pagkatakot sa Panginoon; ingatan at gawin niyo: sapagka't walang kasamaan sa Panginoon nating Dios, o pagtatangi man sa mga tao, o pagtanggap man ng mga kaloob. 2 Chronicles 19:6-7

Pabayaan ang gawain ng bahay na ito ng Diyos; itayo ng gobernador ng mga Judio at ng mga matanda sa mga Judio ang bahay na ito ng Dios sa kaniyang dako. Ezra 6:7

Sapagka't inihanda ni Ezra ang kaniyang puso upang hanapin ang kautusan ng Panginoon, at gawin, at magturo sa Israel ng mga palatuntunan at mga kahatulan. Ezra 7:10

At ikaw, Ezra, ayon sa karunungan ng iyong Dios, na nasa iyong kamay, ay maglagay ka ng mga mahistrado at mga hukom, na humatol sa buong bayan na nasa dako roon ng ilog, lahat na nakakaalam ng mga kautusan ng iyong Dios; at turuan ninyo sila na hindi nakakaalam sa kanila. At sinumang hindi sumunod sa kautusan ng iyong Diyos, at ng kautusan ng hari, ay isagawa nang madali sa kanya ang kahatulan, maging sa kamatayan, o sa pagpapatapon, o sa pagsamsam ng mga ari-arian, o sa pagkabilanggo. Ezra 7:25-26

Na aking ibinigay sa aking kapatid na si Hanani, at si Hananiah na pinuno ng palasyo, ang pamamahala sa Jerusalem: sapagka't siya'y lalaking tapat, at natatakot sa Dios ng higit sa marami. Nehemiah 7:2

Sapagka't si Mordecai na Judio ay kasunod sa haring Ahasuerus, at dakila sa gitna ng mga Judio, at kinalugdan ng karamihan ng kaniyang mga kapatid, na naghahanap ng kayamanan ng kaniyang bayan, at nagsasalita ng kapayapaan sa lahat niyang binhi. Esther 10:3

Piliin natin sa atin ang kahatulan: ipaalam natin sa ating sarili kung ano ang mabuti. Job 34:4

Psalms

Nguni't ang Panginoon ay mananatili magpakailan man: kaniyang inihanda ang kaniyang luklukan para sa kahatulan. At kaniyang hahatulan ang sanglibutan sa katuwiran, siya'y mangagbibigay ng kahatulan sa mga tao sa katuwiran. Psalm 9:7-8

Iniibig niya ang katuwiran at kahatulan: ang lupa ay puno ng kabutihan ng Panginoon. Psalm 33:5

Mapalad ang bansa na ang Diyos ay ang Panginoon; at ang mga tao na kanyang pinili para sa kanyang sariling mana. Psalm 33:12

Sapagka't iniibig ng Panginoon ang kahatulan, at hindi pinababayaan ang kaniyang mga banal; sila'y iniingatan magpakailan man: nguni't ang binhi ng masama ay mahihiwalay. Ang bibig ng matuwid ay nagsasalita ng karunungan, at ang kaniyang dila ay nagsasalita ng kahatulan. Psalm 37:28,30

Ibigay mo sa hari ang iyong mga kahatulan, Oh Dios, at ang iyong katuwiran sa anak ng hari. Hahatulan niya ang iyong bayan ng katuwiran, at ang iyong dukha ng kahatulan. Kaniyang hahatulan ang dukha ng bayan, kaniyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan, at dudurugin ang mamimighati. Psalm 72:1-2,4

Ipagtanggol mo ang dukha at ulila: gawin mo ang katarungan sa dukha at mapagkailangan. Iligtas mo ang dukha at mapagkailangan: alisin mo sila sa kamay ng masama. Psalm 82:3-4

Hustisya at kahatulan ang tahanan ng iyong luklukan: kaawaan at katotohanan ang mangunguna sa iyong mukha. Psalm 89:14

Nguni't ang kahatulan ay babalik sa katuwiran: at susundin ito ng lahat ng matuwid sa puso. Psalm 94:15

Mga ulap at kadiliman ay nasa palibot niya: katuwiran at kahatulan ang tahanan ng kaniyang luklukan. Psalm 97:2

Ang lakas ng hari ay umiibig din sa kahatulan; ikaw ay nagtatag ng katuwiran, ikaw ay nagsasagawa ng kahatulan at katuwiran sa Jacob. Psalm 99:4

Ang Panginoon ay nagsasagawa ng katuwiran at kahatulan para sa lahat na naaapi. Psalm 103:6

Mapalad silang nag-iingat ng kahatulan, at siyang gumagawa ng katuwiran sa lahat ng panahon. Psalm 106:3

Ang mga gawa ng kaniyang mga kamay ay katotohanan at kahatulan; lahat ng utos niya ay tiyak. Psalm 111:7

Aking pinili ang daan ng katotohanan: ang iyong mga kahatulan ay inilagay ko sa harap ko. Turuan mo ako ng mabuting kahatulan at kaalaman: sapagka't ako'y naniwala sa iyong mga utos. Ako'y sumumpa, at aking tutuparin, na aking iingatan ang iyong matuwid na mga kahatulan. Ginawa ang kahatulan at katarungan: huwag mo akong ipaubaya sa mga mamimighati sa akin. Psalm 119:30,66,106,121

Mapalad siya na may Dios ni Jacob na kaniyang saklolo, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Dios: Na siyang gumawa ng langit, at ng lupa, ng dagat, at ng lahat na nandoon: Na nag-iingat ng katotohanan magpakailan man: Na naglalapat ng kahatulan sa napipighati, na nagbibigay ng pagkain sa gutom. Pinakakawalan ng Panginoon ang mga bilanggo: Psalm 146:5-7

Proverbs of King Solomon

Ang mga kawikaan ni Solomon na anak ni David, na hari sa Israel; Upang malaman ang karunungan at katuruan; upang maintindihan ang mga salita ng pang-unawa; Upang tumanggap ng turo ng karunungan, katarungan, at kahatulan, at kapantayan; Upang magbigay ng katalinuhan sa simple, sa binata ng kaalaman at pagpapasya. Proverbs 1:1-4

Sapagka't ang Panginoon ay nagbibigay ng karunungan: sa kaniyang bibig nanggagaling ang kaalaman at pagkaunawa. Siya'y nag-iimbak ng magaling na karunungan para sa matuwid: siya'y isang kalasag sa kanila na nagsisilakad ng matuwid. Kaniyang iniingatan ang mga landas ng kahatulan, at iniingatan ang daan ng kaniyang mga banal. Kung magkagayo'y mauunawaan mo ang katuwiran, at ang kahatulan, at ang katpantayan; oo, bawat mabuting landas. Proverbs 2:6-9

Ang pagkatakot sa Panginoon ay pagkapoot sa kasamaan: ang kayabangan, at kahambugan, at ang masamang lakad, at ang suwail na bibig, ay aking kinapopootan. Ang payo ay akin, at ang mabuting karunungan: ako ang pagkaunawa; May lakas ako. Sa pamamagitan ko ay naghahari ang mga hari, at ang mga prinsipe ay nag-uutos ng katarungan. Sa pamamagitan ko ay nagpupuno ang mga prinsipe, at mga marangal na tao, sa makatuwid baga'y ang lahat ng mga hukom sa lupa. Proverbs 8:13-16

Ang kamay ng masipag ay magpupuno: nguni't ang tamad ay mapapailalim. Proverbs 12:24

Ang banal na hatol ay nasa mga labi ng hari: ang kaniyang bibig ay hindi sumasalangsang sa kahatulan. Kasuklamsuklam sa mga hari ang gumawa ng kasamaan: sapagka't ang luklukan ay natatag sa pamamagitan ng katuwiran. Ang matuwid na labi ay kaluguran ng mga hari; at iniibig nila siya na nagsasalita ng matuwid. Proverbs 16:10,12-13

Siyang mabagal sa pagkagalit ay maigi kay sa makapangyarihan; at siyang nagpupuno sa kaniyang espiritu kay sa sumasakop sa isang bayan. Proverbs 16:32

Ang masamang tao ay kumukuha ng kaloob mula sa sinapupunan upang ilihis ang mga daan ng kahatulan. Proverbs 17:23

Hindi mabuti na tanggapin ang pagkatao ng masama, upang ibagsak ang matuwid sa paghatol. Proverbs 18:5

Ang hari na nakaupo sa luklukan ng kahatulan ay ikinakalat ng kaniyang mga mata ang lahat ng kasamaan. Proverbs 20:8

Ang pantas na hari ay kinakalat ang masama, at dinadala ang gulong sa kanila. Proverbs 20:26

Kaawaan at katotohanan ang nag-iingat sa hari: at ang kaniyang luklukan ay inaalalayan ng awa. Proverbs 20:28

Ang paggawa ng katarungan at kahatulan ay higit na katanggap-tanggap sa Panginoon kaysa hain. Ang pagnanakaw ng masama ay wawasakin sila; dahil tumatanggi silang gumawa ng kahatulan. Proverbs 21:3,7

Kagalakan sa matuwid ang paggawa ng kahatulan: nguni't ang kapahamakan ay magiging sa mga manggagawa ng kasamaan. Proverbs 21:15

Ang mga bagay na ito ay nauukol din sa matatalino. Hindi mabuti na magkaroon ng paggalang sa mga tao sa paghatol. Siya na nagsasabi sa masama, Ikaw ay matuwid; susumpain siya ng mga tao, kapopootan siya ng mga bansa: Nguni't sa kanila na sumasaway sa kaniya ay magiging kaluguran, at ang mabuting pagpapala ay darating sa kanila. Proverbs 24:23-25

Siya na walang kapangyarihan sa kaniyang sariling espiritu ay gaya ng isang bayan na nawasak, at walang mga pader. Proverbs 25:28

Ang masasamang tao ay hindi nakakaunawa ng kahatulan: nguni't silang nagsisihanap sa Panginoon ay nakakaunawa ng lahat ng mga bagay. Proverbs 28:5

Gaya ng umaatungal na leon, at ng umuungol na oso; gayon din ang masamang pinuno sa mahihirap na tao. Proverbs 28:15

Pagka ang matuwid ay nasa kapamahalaan, ang bayan ay nagagalak: nguni't pagka ang masama ay nagpupuno, ang bayan ay nananaghoy. Proverbs 29:2

Ang hari sa pamamagitan ng kahatulan ay nagtatatag ng lupain: nguni't siyang tumatanggap ng mga suhol ay binabagsak ito. Proverbs 29:4

Kung ang isang pinuno ay nakikinig sa kasinungalingan, lahat ng kaniyang mga lingkod ay masama. Proverbs 29:12

Ang hari na tapat na humahatol sa dukha, ang kaniyang luklukan ay matatatag magpakailan man. Proverbs 29:14

Marami ang naghahanap ng pabor ng pinuno; ngunit ang kahatulan ng bawat tao ay nagmumula sa Panginoon. Proverbs 29:26

Hindi para sa mga hari, O Lemuel, hindi para sa mga hari ang uminom ng alak; ni sa mga prinsipe ang matapang na inumin: Baka sila'y magsiinom, at makalimutan ang batas, at ibaluktot ang kahatulan ng sinoman sa nagdadalamhati. Proverbs 31:4-5

Ibuka mo ang iyong bibig para sa pipi sa usap ng lahat na itinalaga sa kapahamakan. Buksan mo ang iyong bibig, humatol ka ng matuwid, at ipaglaban mo ang usap ng dukha at mapagkailangan. Proverbs 31:8-9

At bukod dito'y nakita ko sa ilalim ng araw ang dako ng kahatulan, na nandoon ang kasamaan; at ang lugar ng katuwiran, ang kasamaan ay nandoon. Aking sinabi sa aking puso, Hahatulan ng Dios ang matuwid at ang masama: sapagka't may panahon doon sa bawa't layunin at sa bawa't gawa. Ecclesiastes 3:16-17

Kung iyong nakikita ang kapighatian sa dukha, at ang marahas na pagbaluktot ng kahatulan at ng katarungan sa isang lalawigan, huwag kang magtaka sa bagay na ito: sapagka't siyang mataas kay sa kataastaasan ay tumitingin; at mayroong mas mataas kaysa sa kanila. Ecclesiastes 5:8

Ang nagiingat ng utos ay hindi makakadama ng masamang bagay: at ang puso ng pantas ay nakakaunawa ng panahon at ng kahatulan. Sapagka't sa bawa't layunin ay may panahon at kahatulan, kaya't ang paghihirap ng tao ay dakila sa kaniya. Ecclesiastes 8:5-6

Prophets

Matutong gumawa ng mabuti; hanapin mo ang kahatulan, paginhawahin mo ang naaapi, hatulan mo ang ulila, ipaglaban mo ang balo. Isaiah 1:17

Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata (si Jesus Christ), sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake: at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan. Sa paglago ng kaniyang pamahalaan at kapayapaan ay walang katapusan, sa luklukan ni David, at sa kaniyang kaharian, upang ayusin ito, at upang itatag ito sa kahatulan at katuwiran mula ngayon hanggang sa magpakailanman. Gagawin ito ng sigasig ng Panginoon ng mga hukbo. Isaiah 9:6-7

Sa aba nila na nag-uutos ng di-matuwid na mga pasiya, at nagsusulat ng kabagsikan na kanilang iniutos; Upang ilayo ang mapagkailangan sa kahatulan, at upang alisin ang karapatan sa dukha ng aking bayan, upang ang mga babaing bao ay maging kanilang huli, at upang kanilang nakawan ang ulila! Isaiah 10:1-2

At sa awa ay matatatag ang luklukan: at siya'y uupo doon sa katotohanan sa tabernakulo ni David, na humahatol, at humahanap ng kahatulan, at nagmamadali ng katuwiran. Isaiah 16:5

Narito, ang isang hari ay maghahari sa katuwiran, at ang mga prinsipe ay magpupuno sa kahatulan. Isaiah 32:1

Ganito ang sabi ng Panginoon, Ingatan ninyo ang kahatulan, at gawin ninyo ang hustisya: sapagka't ang aking pagliligtas ay malapit nang dumating, at ang aking katuwiran ay mahahayag. Isaiah 56:1

At ikaw ay susumpa, Ang Panginoon ay buhay, sa katotohanan, sa kahatulan, at sa katuwiran; at pagpapalain ng mga bansa ang kanilang sarili sa kanya, at sa kanya sila luluwalhati. Jeremiah 4:2

Nguni't ang nagmamapuri ay magmapuri dito, na kaniyang nauunawaan at nakikilala ako, na ako ang Panginoon na nagsasagawa ng kagandahang-loob, kahatulan, at katuwiran, sa lupa: sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod ako, sabi ng Panginoon. Jeremiah 9:24

Oh sangbahayan ni David, ganito ang sabi ng Panginoon; Magsagawa ka ng kahatulan sa umaga, at iligtas mo ang nasamsam sa kamay ng mamimighati, baka ang aking poot ay lumabas na parang apoy, at magningas na walang makapatay nito, dahil sa kasamaan ng iyong mga gawa. Jeremiah 21:12

Ganito ang sabi ng Panginoon; Magsagawa kayo ng kahatulan at katuwiran, at iligtas ninyo ang nasamsam sa kamay ng mamimighati: at huwag kayong gumawa ng masama, huwag kayong gumawa ng karahasan sa dayuhan, sa ulila, o sa babaing bao, ni magdanak man ng inosenteng dugong sa dakong ito. Jeremiah 22:3

Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoon, na aking itataas kay David ang isang matuwid na Sanga, at isang Hari ay maghahari at uunlad, at magsasagawa ng kahatulan at katuwiran sa lupa. Jeremiah 23:5

Sa mga araw na yaon, at sa panahong yaon, aking ipalalago kay David ang Sanga ng katuwiran; at siya ay magsasagawa ng kahatulan at katuwiran sa lupain. Jeremiah 33:15

Siya na hindi nagbigay ng labis na pagpapatubo, ni kumuha ng anomang pakinabang, na nag-urong ng kaniyang kamay sa kasamaan, na nagsagawa ng tunay na kahatulan sa pagitan ng tao at ng tao, Na

lumakad sa aking mga palatuntunan, at iningatan ang aking mga kahatulan, upang gumawa ng tunay; siya ay matuwid, siya'y siguradong mabubuhay, sabi ng Panginoong Dios. Ezekiel 18:8-9

Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Sapat na sa inyo, Oh mga prinsipe ng Israel: alisin ninyo ang karahasan at ang samsam, at magsagawa kayo ng kahatulan at ng hustisya, alisin ninyo ang inyong mga pang-aapi sa aking mga tao, sabi ng Panginoong Dios. Ezekiel 45:9

Kaya nga, O hari, maging katanggap-tanggap sa iyo ang aking payo, at putulin ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng katuwiran, at ang iyong mga kasamaan sa pamamagitan ng pagpapakita ng awa sa mga dukha; kung ito ay isang pagpapahaba ng iyong kapayapaan. Ngayon akong si Nebuchadnezzar ay pumupuri at itinataas at nagpaparangal sa Hari ng langit, na lahat ng mga gawa ay katotohanan, at ang kaniyang mga daan ay kahatulan: at yaong nagsisilakad sa kayabangan ay kaniyang maibababa. Daniel 4:27,37

Nang magkagayo'y sumulat ang haring Darius sa lahat ng mga tao, mga bansa, at mga wika, na tumatahan sa buong lupa; Ang kapayapaan ay dumami sa inyo. Ako'y gumagawa ng isang pasiya, Na sa bawa't nasasakupan ng aking kaharian ay manginig at matakot ang mga tao sa harap ng Dios ni Daniel: sapagka't siya ang Dios na buhay, at matatag magpakailanman, at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba, at ang kaniyang pamamahala ay magiging hanggang sa wakas. Siya'y nagliligtas at nagsasagip, at siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan sa langit at sa lupa, na siyang nagligtas kay Daniel sa kapangyarihan ng mga leon. Daniel 6:25-27

Kaya't bumalik ka sa iyong Dios: ingatan mo ang kaawaan at kahatulan, at maghintay kang palagi sa iyong Dios. Hosea 12:6

Kapootan mo ang masama, at ibigin mo ang mabuti, at itatag mo ang kahatulan sa pintuang-bayan: marahil ay magiging mapagbiyaya ang Panginoon, ang Dios ng mga hukbo sa nalabi ni Joseph. Nguni't hayaang dumaloy ang kahatulan na parang tubig, at ang katuwiran na parang isang malakas na batis. Amos 5:15,24

Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na nagsasabi, Magsagawa ka ng tunay na kahatulan, at magpakita ng awa at habag ang bawa't tao sa kaniyang kapatid: At huwag mong apihin ang balo, o ang ulila, ang taga ibang lupa, o ang dukha; at huwag mag-isip ng masama ang sinoman sa inyo laban sa kaniyang kapatid sa inyong puso. Zechariah 7:9-10

Ito ang mga bagay na inyong gagawin; Magsalita ang bawa't isa sa inyo ng katotohanan sa kaniyang kapuwa; magsagawa ng kahatulan ng katotohanan at kapayapaan sa inyong mga pintuang-bayan: At huwag mag-isip ang sinoman sa inyo ng kasamaan sa inyong mga puso laban sa kaniyang kapuwa; at huwag ibigin ang sumpa ng kabulaanan: sapagka't ang lahat ng ito ay mga bagay na aking kinapopootan, sabi ng Panginoon. Zechariah 8:16-17

Gospels

Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin: sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng langit. Matthew 19:14

Sino nga ang tapat at matalinong lingkod, na ginawa ng kaniyang panginoon na tagapamahala sa kaniyang sangbahayan, upang bigyan sila ng pagkain sa takdang panahon? Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Na siya ay gagawing tagapamahala sa lahat ng kaniyang mga pag-aari. Matthew 24:45,47

Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na lingkod: naging tapat ka sa kakaunting bagay, gagawin kitang pinuno sa maraming bagay: pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na lingkod; naging tapat ka sa kakaunting bagay, gagawin kitang pinuno sa maraming bagay: pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. Matthew 25:21,23

Datapuwa't sila'y tinawag ni Jesus sa kaniya, at sa kanila'y sinabi, Nalalaman ninyo na ang mga itinuring na pinuno sa mga Gentil ay nagpapanginoon sa kanila; at ang kanilang mga dakila ay gumagamit ng awtoridad sa kanila. Datapuwa't hindi ito mangyayari sa inyo: kundi ang sinomang ibig maging dakila sa inyo, ay magiging lingkod ninyo: At sinoman sa inyo ang ibig na maging pinakapuno, ay magiging lingkod ng lahat. Sapagka't maging ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pantubos sa marami. Mark 10:42-45

Huwag humatol ayon sa anyo, kundi humatol ng matuwid na paghatol. Hinahatulan baga ng ating kautusan ang sinomang tao, bago siya nito marinig, at nalalaman kung ano ang kaniyang ginagawa? John 7:24,51

Epistles

O ang nanghihikayat, sa masidhing paghikayat: ang nagbibigay, ay gawin niya itong may kasimplihan; siya na namumuno, nang may kasipagan; siya na nagpapakita ng awa, na may kagalakan. Romans 12:8

Magpasakop ang bawat kaluluwa sa matataas na kapangyarihan. Sapagka't walang kapangyarihan kundi sa Dios: ang mga kapangyarihan na umiiral ay itinalaga ng Dios. Kaya't ang sinomang lumalaban sa kapangyarihan, ay lumalaban sa utos ng Dios: at silang lumalaban ay tatanggap sa kanilang sarili ng kahatulan. Sapagka't ang mga pinuno ay hindi kilabot sa mababuting gawa, kundi sa masama. Hindi ka ba matatakot sa kapangyarihan? gawin mo ang mabuti, at magkakaroon ka ng kapurihan niyaon: Sapagka't siya ay ministro ng Dios sa iyo sa ikabubuti. Ngunit kung gagawin mo ang masama, matakot ka; sapagka't hindi siya nagdadala ng espada sa walang kabuluhan: sapagka't siya'y ministro ng Dios, isang tagapaghiganti upang maglapat ng poot sa gumagawa ng masama. Romans 13:1-4

Magpasakop kayo sa bawa't ordinansa ng tao alangalang sa Panginoon: maging sa hari, bilang kataas-taasan; O sa mga gobernador, gaya ng sa mga sinugo niya para sa parusa sa mga manggagawa ng kasamaan, at para sa papuri sa mga gumagawa ng mabuti. 1 Peter 2:13-14

Apocrypha

Ibinangon ng Panginoon ang espiritu ni Cyrus na hari ng mga Persian, at siya'y nagpahayag sa buong kaharian niya, at gayon din sa pamamagitan ng pagsulat, Na nagsasabi, Ganito ang sabi ni Cyrus na hari ng mga Persian; Ang Panginoon ng Israel, ang Kataas-taasang Panginoon, ay ginawa akong hari sa buong sanglibutan, At iniutos sa akin na itayo siya ng isang bahay sa Jerusalem sa Jewry. 1 Esdras 2:2-4

At inutusan din niya na si Sisinnes na gobernador ng Syria at Phenice, at si Sathrabuzanes, at ang kanilang mga kasamahan, at yaong mga itinalagang pinuno sa Syria at Phenice, na mag-ingat na

huwag makialam sa lugar, ngunit pahintulutan si Zorobabel, ang lingkod ng Panginoon, at gobernador ng Judea, at ang mga matatanda ng mga Judio, na itayo ang bahay ng Panginoon sa lugar na iyon. 1 Esdras 6:27

Sapagka't si Esdras ay may napakahusay na kasanayan, na anopa't hindi niya inalis ang anuman sa kautusan at mga utos ng Panginoon, kundi itinuro sa buong Israel ang mga palatuntunan at mga kahatulan. 1 Esdras 8:7

Sa gayo'y pupurihin ng lahat ng mga bansa ang Panginoon, at ang kanyang mga tao ay magpapahayag sa Diyos, at itataas ng Panginoon ang kanyang mga tao; at lahat ng umiibig sa Panginoong Diyos sa katotohanan at katarungan ay magsasaya, na nagpapakita ng awa sa ating mga kapatid. Tobit 14:7

Pagkatapos noon ay naging panginoon ako sa maraming bansa at nagkaroon ng kapangyarihan sa buong daigdig, na hindi nagtaas nang may kayabangan sa aking awtoridad, ngunit dinadala ko ang aking sarili palagi nang may katarungan at kahinahunan, nilayon kong patuloy na ayusin ang aking mga nasasakupan sa isang tahimik na buhay, at gawing mapayapa ang aking kaharian, at bukas para sa daanan hanggang sa sukdulan na baybayin, upang ipanumbalik ang kapayapaan, na ninanais ng lahat ng tao. Additions to Esther 13:2

Dinggin nga ninyo, Oh kayong mga hari, at inyong unawain; matuto, kayong mga hukom ng mga wakas ng lupa. Makinig kayo, kayong namumuno sa mga tao, at lumuluwalhati sa karamihan ng mga bansa. Sapagka't ang kapangyarihan ay ibinigay sa inyo ng Panginoon, at ang kapamahalaan mula sa Kataastaasan, na siyang susubok ng inyong mga gawa, at magsisiyasat ng inyong mga payo. Wisdom of Solomon 6:1-3

Kaya't ang pagnanais ng karunungan ay nagdadala sa isang kaharian. Kung ang inyong kaluguran ay nasa mga luklukan at mga setro, Oh kayong mga hari ng mga tao, parangalan ninyo ang karunungan, upang kayo'y maghari magpakailanman. Wisdom of Solomon 6:20-21

Kung ang kayamanan ay isang pag-aari na naisin sa buhay na ito; ano ang higit na mayaman kaysa sa karunungan, na gumagawa ng lahat ng bagay? At kung ang kasinupan ay gumagawa; sino sa lahat ang mas magaling na manggagawa kaysa sa kanya? At kung ang isang tao ay umiibig sa katuwiran, ang kanyang mga gawa ay mga kabutihan: sapagka't siya ay nagtuturo ng pagpipigil at kasinupan, katarungan at katatagan: na mga bagay, na ang mga tao ay hindi magkakaroon ng higit na kapaki-pakinabang sa kanilang buhay. Wisdom of Solomon 8:5-7

Iligtas mo ang nagdurusa ng kasamaan sa kamay ng mamimighati; at huwag kang manghina ng loob kapag ikaw ay nakaupo sa kahatulan. Ecclesiasticus 4:9

Dahil sa kamay ng manggagawa ay pupurihin ang gawa: at ang pantas na pinuno ng bayan dahil sa kaniyang pananalita. Ecclesiasticus 9:17

Ang isang matalinong hukom ay magtuturo sa kanyang bayan; at ang pamahalaan ng isang masinop na tao ay maayos. Kung paanong ang hukom ng bayan ay siya rin, gayon din ang kaniyang mga opisyales; at kung anong uri ng tao ang pinuno ng bayan, gayon silang lahat na tumatahan doon. Ang hindi marunong na hari ay sumisira sa kanyang bayan; nguni't sa pamamagitan ng kasinupan ng mga nasa kapangyarihan ay tatahanan ang lungsod. Ecclesiasticus 10:1-3

Ang pagkatakot sa Panginoon ay nauuna sa pagtatamo ng kapamahalaan: nguni't ang kagaspangan at kayabangan ay ang pagkawala niyaon. Ang mga dakilang tao, at mga hukom, at mga makapangyarihan, ay pararangalan; gayon ma'y wala sa kanila ang dakila kaysa sa may takot sa Panginoon. Ecclesiasticus 10:21,24

Sapagka't sa paghahati ng mga bansa sa buong lupa ay naglagay siya ng isang tagapamahala sa bawa't tao; ngunit ang Israel ang bahagi ng Panginoon: Ecclesiasticus 17:17

Sila na may takot sa Panginoon ay makakasumpong ng kahatulan, at magpapaningas ng katarungan na parang liwanag. Ecclesiasticus 32:16

Kaniyang ibinigay sa kaniya ang kaniyang mga utos, at kapamahalaan sa mga palatuntunan ng mga kahatulan, upang kaniyang ituro kay Jacob ang mga patotoo, at ipaalam sa Israel ang kaniyang mga kautusan. Ecclesiasticus 45:17

Si David dahil sa pagiging maawain ay nagmay-ari ng trono ng isang walang hanggang kaharian. 1 Maccabees 2:57

Kaya nga ang mga tao ay umawit ng mga gawa ni Simon, at sa anong kaluwalhatian na inisip niyang dalhin ang kanyang bansa, ginawa siyang kanilang gobernador at punong saserdote, dahil ginawa niya ang lahat ng mga bagay na ito, at para sa katarungan at pananampalataya na kanyang iningatan sa kanyang bansa, at dahil doon ay hinangad niya sa lahat ng paraan na itaas ang kanyang mga tao. 1 Maccabees 14:35